**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 1, 231-241

# Kolaboratibong-resiprokal na interbensiyon sa pagtuturo: Pagpapaunlad sa komprehensiyon ng mga mag-aaral sa baitang 7




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Concepcion, Wally ✉
*Leyte Normal University, Philippines (wallyconcepcion16@gmail.com)*
Abuda, Jassel Angel
*Leyte Normal University, Philippines (2102252@lnu.edu.ph)*
Alcaraz, Honey Rose
*Leyte Normal University, Philippines (2002909@lnu.edu.ph)*
Asildo, Angel Christin Mae
*Leyte Normal University, Philippines (2102238@lnu.edu.ph)*
Atiga, Crislen
*Leyte Normal University, Philippines (2102226@lnu.edu.ph)*
Austria, Jophanie Salve
*Leyte Normal University, Philippines (2102200@lnu.edu.ph)*
Bacabac, Joan
*Leyte Normal University, Philippines (2102228@lnu.edu.ph)*
Concrenio, Ma. Niña
*Leyte Normal University, Philippines (2102126@lnu.edu.ph)*

**Received**: 25 January 2025 **Revised**: 13 February 2025 **Accepted**: 1 March 2025
**Available Online**: 1 March 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25016

## *Abstract*

Comprehension plays a critical role in sufficient reading and understanding to achieve a successful learning process. This is one of the things that students must have to achieve an effective and thorough process of analyzing information in Filipino. This action-research aims to measure the effectiveness of the suggested intervention "Collaborative-Reciprocal Teaching Intervention" in increasing the comprehension level of students in grade 7. The researchers used Experimental Design to achieve its quantitative purpose. It was conducted in a selected secondary school under the division of Tacloban City. The researchers used the instrument aligned in Philippine Informal Reading Inventory Assessment Tool to measure the students' level of comprehension based on the pre-test and post-test. The results of the study showed that in the pre-test, the students' comprehension level was two levels lower (Grade 5) than the expected level (Grade 7). After the intervention was carried out, the results of the post-test showed that the students achieved the expected level of comprehension (Grade 7) which proves that the intervention was effective. The result also revealed a significant difference between the two variables using the Paired Sample T-test. The researchers recommend the use of such an intervention to increase the students' level of comprehension in Filipino and as a solution to this learning crisis.

***Keywords:*** comprehension, reading, Filipino, Phil-IRI, intervention

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Kolaboratibong-resiprokal na interbensiyon sa pagtuturo: Pagpapaunlad sa komprehensiyon ng mga mag-aaral sa baitang 7

## 1. Introduksiyon

Isang kritikal at pangunahing kahingian sa ika-21 siglong edukasyon ang pagkakaroon ng sapat na kakayahan sa pagbasa at mataas na antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral. Bahagi ito sa mga makrong kasanayan na dapat taglayin ng mga mag-aaral upang makamit ang matagumpay na proseso ng pagkatuto sa Filipino. Ayon kina Manoharan at Ramachandran (2023), ang mga indibidwal na mahusay sa pagbasa ay mahusay din sa pagproseso at pagsusuri ng impormasyon. Ibig sabihin, ang epektibong pag-unawa ay humahantong sa masusing pagtamo ng kaalaman. Katunayan, nakasaad sa Batas Republika 10533 o mas kilala bilang *K-12 Basic Education Program* ang pagpapaigting sa pundasyon ng mga esensiyal na kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral upang maging produktibo, mapanuri at makasabay sa modernong panahon.

Malaki ang papel na ginagampanan ng batayang kasanayan sa komprehensiyon ng mga mag-aaral dahil nakatutulong ito upang maunawaan ang mga impormasyong nakukuha o nababasa mula sa mga teksto, talakayan iba pang mga sanggunian. Dagdag pa, hindi lamang ito nauugat sa kakayahang umunawa, bagkus, saklaw din nito ang pagpapaunlad sa lawak ng bokabolaryo, epektibong pakikipag-komunikasyon at mapanuring pag-iisip. Ayon sa artikulo ng *East Washington University* (2022), ang kakayahang bumasa at umunawa ay masasabing ang pinakamahalagang kakayahan sa pagtuturo at pagkatuto. Ang isang mag-aaral na may kasanayan sa pag-unawa sa pagbabasa ay hindi lamang magkakaroon ng mataas na pagkakataon na maging isang masugid na mambabasa ngunit maging isang mas mataas na tagumpay na propesyonal sa halos lahat ng larangan ng kaalaman. Batay naman sa artikulo ng *Voyager Sopris Learning* (2023), ang komprehensiyon, lalo na ang pag-unawa sa pagbabasa, ay nagsisilbing pundasyon tungo sa tagumpay sa akademya sa lahat ng paksa. Ang mga kasanayan sa mahusay na pag-unawa ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na *ma-access* at masuri ang impormasyon, makisali sa kritikal na pag-iisip, malutas ang mga problema, at makipag-usap nang mabisa.

Gayunpaman, nakikitaan ng mababang antas ang mga mag-aaral sa literasi hanggang sa kasalukuyan. Sa datos ng *Program for International Student Assessment o PISA* (2022), ika-77 lamang ang Pilipinas sa 81 na bansa, na nakakuha ng 347 na puntos sa *reading literacy* na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay hindi nagtataglay ng batayang kakayahan sa pagbasa at komprehensiyon. Batay naman sa datos ng *World Bank* (2022) hinggil sa *learning poverty*, nasa 90 na bahagdan ng mga Pilipinong mag-aaral ang nahihirapan sa pagbasa at pag-intindi ng mga simpleng pangungusap sa Filipino. Sa inilabas na datos ng Kagawaran ng Edukasyon (2022), patuloy na napapansin ang mababang performans ng mga mag-aaral sa akademikong larang dahil sa kakulangan sa kakayahang umunawa nilalaman ng kanilang binabasa. Binigyang-diin sa papel-pananaliksik nina Abaigar et al. (2024), na mayroong mababang antas ng kasanayan sa pabasa at komprehensiyon ang mga mag-aaral sa Filipino dahil sa mga salik tulad ng kawalan ng kaalaman at eksposyur sa wika at kasalatan sa interes sa pagbabasa. Ayon naman sa pag-aaral ni Pumahing (2024), nakadadagdag sa pagbaba ng antas sa komprehensiyon ng mga mag-aaral ang kanilang kawalan ng kahandaang matuto sa pormal na pagbasa.

Dagdag pa rito, sa ulat ng *Department of Education Regional Office 8* (2022), sa bawat 10 na mag-aaral ay lumabas na 9 ang nagtataglay ng mababang antas ng pagbasa at komprehensiyon. Sa paunang pangangalap ng datos naman ng mga mananaliksik, kapansin-pansin sa isinagawang *Philippine Informal Reading Inventory* o Phil-Iri sa unang kwarter ng *Taong Panuruan 2024-2025* sa isang mataas na paaralan sa Lungsod Tacloban, halos 80% ng mga mag-aaral sa baitang 7 ay nabibilang sa *frustration level* at 20% lamang sa *independent level*. Kapansin-pansin din sa mga mag-aaral na may iilan na marunong magbasa ngunit hindi nila ito maipaliwanag sa sariling pagpapakahulugan o opinyon. Patunay ito na nananatiling malaking hamon at suliranin ang mababang literasi ng mga mag-aaral sa Pilipinas upang makamit ang tagumpay sa larangan ng edukasyon. Nangangahulugan lamang ito na kinakailangan ang isang mabisang estratehiya o interbensiyon upang matugunan ang kasalukuyang antas ng

pagbasa at komprehensiyon ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon (2018), Ang *Phil-IRI* ay tumutukoy sa binagong *assessment tool* sa pagtatasa na binubuo ng isang set ng mga markadong sipi na ibinibigay sa buong klase at sa mga indibidwal na mag-aaral, na idinisenyo upang matukoy ang antas ng pagbabasa ng isang mag-aaral. Dagdag pa, ang naturang programa na ginamit bilang isang *tool* sa pagtatasa na nakabatay sa silid-aralan ay naglalayong sukatin at ilarawan ang pagganap o performans ng pagbasa ng mga mag-aaral sa parehong wikang Ingles at Filipino sa pasalitang pagbasa, tahimik na pagbasa at pag-unawa sa pakikinig. Ang tatlong uri ng pagtatasa ay naglalayong matukoy ang mga antas ng independyente, pagtuturo at pagkabigo ng mag-aaral. Katunayan, ang datos ng *Phil-IRI* ay magsisilbi ring isa sa mga batayan sa pagpaplano, pagdidisenyo/pagbabagong disenyo ng pagtuturo sa pagbasa ng mga guro at ng mga programa o aktibidad sa pagbabasa ng paaralan upang mapabuti ang pangkalahatang pagganap sa pagbasa ng paaralan.

Kaunay nito, naglunsad ang Kagawaran ng Edukasyon ng mga programang may layuning solusyunan ang mababang antas ng literasi ng mga mag-aaral dito sa Pilipinas. Isa na rito ang *Every Child a Reader Program o ECARP* noong 2011 na kung saan nilalayon nitong mabawasan ang kahirapan sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral sa paaralan. Mayroon din itong mga kagamitan sa pagtataya upang matukoy ang kasalukuyang antas ng pag-unawa at pagbasa ng mga bata. Naglunsad din ang Kagawaran ng Edukasyon ng programang *National Reading Program* noong 2023 bilang tugon sa mababang antas ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Nilalayon din ng programang ito na makapagbigay ng mga kasangkapan tungo sa de-kalidad na debelopment sa aspektong literasi ng mga mag-aaral sa Pilipinas.

Sa kabilang banda, inilunsad naman ng Kagawaran ng Edukasyon ngayong 2024 ang *"Catch-Up Fridays"* bilang pangunahing pagtuon sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa pagbabasa. Ang programang ito ay idinisenyo upang baguhin ang *landscape* ng edukasyon, na tumutugon sa mga alalahanin tungkol sa mababang kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral na naka-haylayt sa mga *survey* ng estado at internasyonal. Subalit, sa kasalukuyan, talamak at kapansin-pansin pa rin ang mababang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral dito sa Pilipinas. Paliwanag ni Padilla sa isang panayam sa Philstar (2024), hindi pa rin naging epektibo ang implementasyon nito dahil sa mayroon ding mga guro na naatasang magturo sa programa ay hindi nagtataglay ng batayang kasanayan sa komprehensiyon. Kaya naman, sa kasalukuyang pag-aaral ng mga mananaliksik ay nilalayon nitong magbigay-tugon sa naturang suliranin na nakabatay sa klasrum upang matutukan ang progreso ng mga mag-aaral sa aspektong literasi at komprehensiyon.

Sa proseso ng pagkatuto, maraming pamamaraan ang maaaring magamit ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang antas ng komprehensiyon- isa na rito ang *Feynman Technique.* Ang pangunahing konsepto ng teknik na ito ay maunawaan ang isang komplikadong bagay sa pamamagitan ng paggamit ng simpleng pagpapaliwanag sa sarili (Csi, 2022). Tinukoy ni Carretero (2020), ang apat (4) na hakbang sa paggamit ng *Feynman Technique*; (1) Pumili ng paksa na nais mong pag-aralan, (2) Ipaliwanag sa sarili o Ipaunawa sa paraang maiintindihan ng isang bata, (3) Basahin muli ang materyal o handawt, at (4) Pagpapadali at ulitin ang ikalawang hakbang. Lumabas sa resulta ng pananaliksik nina Austria et al. (2024), na mabisa ang naturang teknik sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Nilayon ng aksiyong-pananaliksik na ito na matugunan ang malaking suliranin pagdating sa pagbasa at komprehensiyon ng mga mag-aaral sa Filipino na nabibilang sa baitang 7. Iminungkahi ng mga mananaliksik ang Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensiyon sa Pagtuturo bilang isang makabagong teknik sa kolaboratibong pagkatuto at pagpapaunlad ng antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa Filipino na hango sa *Feynman Technique.* Isang pamamaraan na makatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman at kaisipan ng mga mag-aaral tungo sa mabisang pagkatuto ng gramatika at retorika at panitikan bilang mga paksa sa naturang asignatura. Dagdag pa, mas mapataas ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral pagdating sa asignaturang Filipino upang makamit ang matagumpay na proseso ng pagtuturo at pagkatuto nito.

*1.1 Layunin ng Pag-aaral*

Nilayon ng aksiyong-pananaliksik na ito na mabigyan ng solusyon ang mababang antas ng batayang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa Filipino gamit ang panukalang Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensyon sa Pagtuturo. Nagsilbing tiyak na mga layunin ang sumusunod:

- Ano ang antas ng komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa baitang 7 sa isinagawang *pre-test* batay sa Phil-Iri?
- Ano ang antas ng komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa baitang 7 matapos isagawa ang interbensiyon sa isinagawang *post-test* batay sa Phil-Iri?
- May makabuluhang pagkakaiba ba ang resulta ng *pre-test at post-test* matapos isagawa ang interbensiyon sa mga mag-aaral sa baitang 7?

## 2. Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensiyon sa Pagtuturo

Nilayon ng aksiyong-pananaliksik na ito na mapaunlad ang komprehensiyon ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang **Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensiyon sa Pagtuturo**. Sa Kolaboratibong-Resiprokal na pagtuturo, ang mga mag-aaral ang mismong nangangasiwa sa kanilang pagkatuto o sa nilalaman (*content*) ng pinag-aaralan (Ballinger, 2013). Maiiugnay ito sa *Feynman Technique* na binigyang paglalarawan ni Adeoye (2023) na ito ay umiikot sa prinsipyong, kung kaya ng tao na ipaliwanag sa iba ang isang komplikadong konsepto sa mas simpleng paraan, himayin sa mas maliliit na bahagi, at ituro sa iba. Lumabas naman sa pag-aaral nina Reyes et al. (2021) na epektibo ang *Feynman Technique* bilang estratehiya para sa sariling pagkatuto ng mag-aaral. Kaya naman, ginamit ng mga mananaliksik ang estratehiyang nabanggit bilang pilosopiyang batayan sa pagbuo ng panibagong interbensyon.

Naiskatuparan ang interbensiyon sa pamamagitan ng pagpapangkat sa klase upang makamit ang kolaboratibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Nilayon ng kolaboratibong pagkatuto na makamit ang ademikong tagumpay sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga mag-aaral at pagbabahagian ng mga kaalaman at ideya. Ang mga mag-aaral sa pangkat ay maaaring gumawa ng magkakahiwalay na mga gawain na nag-aambag sa isang karaniwang pangkalahatang resulta, o magtulungan sa isang nakabahaging gawain. Dagdag pa, ang mga *collaborative learning approach* ay may positibong epekto, sa karaniwan, at maaaring isang *cost-effective* na estratehiya para sa matagumpay na proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon kina Baker at Emerson (2014) sa resiprokal na pagtuturo sinasangkot ang mag-aaral sa pagbabasa at napatunayan na rin nagpapataas ito ng pag-unawa sa pamamagitan ng apat na pangunahing bahagi: ***Predicting, Clarifying, Questioning, Summarizing*** na ginamit na batayan sa magiging proseso ng paggamit ng Kolaboratibong-Resiprokal na: Hahatiin ang klase sa apat na grupo, ang bawat isa ay may nakaatas na gampanin. Ang una (G1) ay ang *Predicting Group*, Pangalawa (G2) ay *Questioning Group*, Pangatlo (G3) ang *Clarifying Group*, at Pang-apat (G4) ang *Summarizing Group*.

***Predicting Group.*** Ang unang pangkat ay siyang inatasan para magtatala ng mga paunang kaalaman o hinuha kung tungkol saan ang kopya batay sa napansin mula sa pamagat, larawan, pagkakaayos ng teksto, at iba pa. Ang kanilang mabubuong paunang kaalaman ay magagamit din ng ibang pangkat upang mapagtagumpayan ang gampaning nakaatas para sa kanila. Ang *predicting group* mismo ang magbabahagi sa bawat kasapi ng pangkat hinggil sa kanilang paunang ideya na may kaugnayan sa kanilang kaalaman sa mga nagdaang talakayan sa nakuhang handawt o kagamitang pampagtuturo galing sa guro.

***Questioning Group.*** Ang ikalawang pangkat ay siyang nagtala ng mga tanong tungkol sa binasang handawt o kagamitan galing sa guro, maaari rin direktang magtanong sa kagrupo. Ang mga tanong na nabuo ng pangkat ay mayroong malaking papel na gagampanan sa pagbabahagian upang malinawan ang bawat isa. Dagdag pa, kinakailangan na ang mabubuong mga tanong ng pangkat ay makatutulong tungo sa pagkamit ng mas


komprehensibong pag-unawa at pagkatuto sa akda at/o handawt na binasa o nakuha mula sa guro.

***Clarifying Group***. Ang ikatlong pangkat naman ay inatasan upang maghalungkat sa mga salita at konseptong mahirap unawain o hindi pamilyar para sa kanila. Ang naturang pangkat ay maaaring gumamit ng diksyunaryo o iba pang sanggunian nang sa gayon ay tama o angkop ang kanilang maibigay na pagpapakahulugan sa mga napiling salita o konsepto. Dagdag pa, makatutulong ito nang sa gayon ay mabigyang-linaw din ang ibang mga mag-aaral hinggil sa mga salita, parirala o konseptong mahirap unawain sa tekstong binasa.

***Summarizing Group.*** Ang ikaapat na pangkat naman ng siyang inatasan upang ibuod ang mga mahahalagang detalye at kaisipang naunawaan sa binasang teksto. Dito rin nasukat kung papaano naunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binasang teksto sa pamamagitan ng pagbabahagian sa mga kasapi at pagtutulungan upang humantong sa pagkakaroon ng isang ideya at kaalaman hinggil dito.

Ang guro ay umikot sa bawat grupo upang *i-monitor* ang mga iniatas na gampanin, maaaring magtanong ang guro. Bawat linggo ay nagpalit ng gampanin ang bawat grupo, mayroong apat na ikot (*rotation of roles*). Sa huli, ay susukatin ang pagiging epektibo ng *Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensiyon sa Pagtuturo* sa pamamagitan ng *post-test*. Magkakaroon din ng mga lingguhang pagtataya habang isinasagawa ang interbensiyon upang matala ang progreso ng mga mag-aaral sa bawat linggo. Paghahambinging ang dalawang magkaibang iskor *(pre-test at post-test)* gamit ang *Paired Sample T-test* upang masukat ang makabuluhang pagkakaiba nito.

*Balangkas ng Pag-aaral*




*Figyur 1. Balangkas ng Pag-aaral*

Ang ugnayan ng mga teoryang *Constructivism ni Fosnot (1989), Zone of Proximal Development* ni Lev Vygotsky (1934), at *Heutagogical Theory* nina Hase and Kenyon (2013), sa pag-aaral na ito ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng papel ng mag-aaral sa kanilang sariling pagkatuto. Ang *Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensiyon sa Pagtuturo* ay isang mabisang paraan na nagbigay-daan para suportahan ang bawat mag-aaral sa pagkatuto tungo sa mas aktibong pakikilahok sa talakayan, pagpapataas ng kumpyansa sa sarili, pagtaguyod ng kaalaman, at pag-unlad ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Dagdag pa, ipinakita rin sa bahaging ito kung paano pinagsama-sama ang mga ibat-ibang teorya upang suportahan ang pag-aaral at upang masuri ang epekto ng

interbensyong ginamit.

Ang *Constructivism Theory* ay binuo ni Catherine Twomey Fosnot na kilalang teorista sa pag-aaral ng pagtuturo at pagkatuto. Malaki ang kanyang naging kontribusyon sa teoryang constructivism sapagkat sa teoryang ito binigyang-diin na ang mga mag-aaral ay may kakayahang bumuo ng kanilang sariling kaalaman at pag-unawa batay sa kanilang karanasan at interaksyon sa paligid. Dagdag pa, ang Constructivism ay nakasalalay sa kakayahan nitong gawing mas makabuluhan ang pag-aaral. Kapag aktibong nakikisangkot ang mga mag-aaral sa talakayan, mas malamang na matatandaan at mauunawaan nila ang impormasyon.

Samantala, ang *Zone of Proximal Development* ni Lev Vygotsky (1934), binigyang-diin na ang isang mag-aaral ay natututo dahil sa gabay at tulong ng mga nakatatanda at kalauna'y magiging malaya sa pagkamit ng mga bagong kaalaman tungo sa pansariling pagkatuto. Binigyang-linaw din sa teoryang ito na mahalaga ang boung suporta ng guro at gabay upang makamit ang antas ng kaalaman at mabigyan ng pagkakataon ang bawat mag-aaral na matuto sa sarili nitong pagsusumikap. Ang konsepto ng teoryang ito ay mayroong malaking ambag upang suportahan ang pag-aaral, sapagkat binigyang-diin sa pananaliksik na ito na matukoy ang lebel ng kaalamang ng bawat mag-aaral sa tulong ng Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensiyon sa Pagtuturo.

Ang *Heutagogical Theory* ay binuo nina Hase at Kenyon (2013). Binigyang-diin sa teoryang ito ang proseso ng pag-aaral na kung saan ang mag-aaral ay nangunguna o nagpapatnubay sa kanyang sariling pagkatuto. Nilinaw nila, na ito ay isang paraan ng pag-aaral kung saan ang mag-aaral ay may malaking kontrol sa kanilang sariling pagkatuto, kung saan sila ang nagtataguyod ng kanilang sariling interes na matuto. Ang paggamit ng Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensyon sa Pagtuturo ay nagbibigay-daan para sa mga mag-aaral na maging aktibo sa kanilang sariling pagkatuto sa asignaturang Filipino.

## 3. Metodolohiya

***Disenyo ng Pag-aaral -*** Ang kwantitatibong pananaliksik na ito ay ginamitan ng disenyong *experimental design* kung saan ang iisang grupo ng mga kalahok ay sinukat ang antas ng komprehensiyon bago at pagkatapos sumailalim sa interbensiyon. Ang disenyong ito ay angkop sapagkat nais malaman ng pag-aaral ang epekto ng isang tiyak na interbensyon sa komprehensiyon ng mga mag-aaral. Sa ganitong disenyo, ayon kay Fisher (1920), ito ay kadalasang ginagamit sa pananaliksik sa edukasyon kung saan ang mga limitasyon sa lohistika ay naglilimita sa randomisasyon.

***Lokal ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay isinagaw sa isa mga paaralan sa Tacloban City Division. Ang nasabing paaralan ay may sapat na bilang na mag-aaral na nasa *Junior High School* na nabibilang sa Baitang 7. Ang paaralan na napili ay ang pinakaangkop na lokal sapagkat ito'y nakapagbigay ng sapat at mayamang datos para sa isasagawang pag-aaral batay sa paunang pangangalap ng datos ng mga mananaliksik. Ang naturang paaralan ay kinabibilangan ng mga mag-aaral na may mababang antas ng kasanayan sa pagbasa at komprehensiyon batay sa *Phil-Iri* nito.

***Kalahok ng Pag-aaral -*** Ang naging kalahok ng aksiyong-pananaliksik na ito ay mga mag-aaral na nabibilang sa Baitang 7 sa isang piling paaralan sa Tacloban City Division. Batay sa paunang pangangalap ng datos ng mga mananaliksik, lumabas na 80% ng mga mga mag-aaral sa Baitang 7 ay nabibilang sa *frustration level* na antas ng kakayahan sa pagbasa at komprehensiyon. Ibig sabihin, ang mga naturang mag-aaral sa Baitang 7 ay walang batayang kasanayan sa literasi sa kabila ng mga programang inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon.

***Paraan ng Pangangalap ng Datos -*** Ang sumusunod ay ang mga hakbang sa ginawang pangangalap ng mga datos ng mga impormasyon upang lubos na maunawaan ang saklaw ng pag-aaral at matiyak ang kalidad ng presentasyon ng datos.

***Pre-test*** – Ang pre-test ay sumusukat sa pag-unawa ng mga mag-aaral bago magbahagian ng mga ideya at kaalaman sa kanilang miyembro. Ang mga mananaliksik ay pinangasiwaan ang *pre-test* sa simula ng klase upang

masuri ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Ginamit ang *pre-test* ay matutukoy ang kasalukuyang antas ng komprehensiyon o pag-unawa ng mga mag-aaral sa baitang 7 bago isagawa ang interbensiyon ng mga mananaliksik. Habang nagkakaroon ng implementasyon sa mungkahing interbensiyon.

***Post-test*** – Pagkatapos ng interbensyon, binigyan ng mga mananaliksik ang mga mag-aaral ng *post-test* upang malaman kung nagkaroon ba ng pagbabago ang kanilang antas ng komprehensiyon. Ang layunin ng *post-test* ay upang masuri ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa isang teksto sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa kanilang mga miyembro ng grupo. Ang mga mananaliksik ay gagamit ng mga pamantayan sa pagkolekta ng datos. Ang mga nakalap na datos ay ang mga marka mula sa bawat pamantayan mula sa buong klase. Ang mga marka ng pamantayang ito ay gagamitin upang matukoy ang mga pagbabago sa antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

***Paraan ng Pagsusuri ng Datos -*** Matapos ang lahat ng proseso ng pangangalap ng datos ay tiniyak ng mga mananaliksik na maayos ang pagkakatala ng mga ito bago isailalim sa pagsusuri. Ang mga mananaliksik ay sumangguni sa isang estadistiko upang magsagawa ng pagsusuri sa mga datos na nakalap. Ito ang nagpatibay sa kredibilidad ng mga resultang lumabas sa pag-aaral.

***Tritment sa Pre-Test at Post-Test.*** *Ang* datos na nakuh mula sa isinagawang *pre-test at post-test* batay sa *Phil-Iri* ay ginamitan ng *Mean o Average* na pormula upang makuha ang pangkalahatang iskor para sa lahat ng mga mag-aaral bilang sabjek ng kasalukyang aksiyong pananaliksik. Ang *mean* ay tumutukoy sa *average* ng lahat ng datos na nakalap. Ang naturang iskor ay makukuha sa pamamagitan ng pagdadagdag sa lahat ng datos at *i-didivide* sa kung ilan ang nakuhang datos (Byjus, n.d.). Ang mga datos na nakuha mula sa iba't ibang baryabol nung isinagawa ang pag-aaral ay isinailalim sa *statistical analysis* upang makita ang Kabisaan ng *Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensiyon* sa Pagtuturo ng asignaturang Filipino. Kaya naman, ginami ang *Paired Samples T-test* upang masuri ang mga datos na nakalap mula sa *pre-test* ng buong pangkat, dito natuko kung mayroong makabuluhang pagkakaiba *(significant difference)* sa nakuhang iskor ng buong pangkat tungo sa *post-test*.

## 4. Resulta at Pagtalakay

### *4.1 Antas ng Komprehensiyon ng mga Mag-aaral batay sa Pre-Test*

Ang batayang kasanayan ng mga mag-aaral sa komprehensiyon ay maituturing na kahingian upang makamit ang matagumpay na edukasyon. Itinuturing ng mga eksperto sa larangan ng edukasyon ang komprehensiyon ng isang indibidwal bilang instrumento at pinakamahalagang kakayahan na dapat taglayin ng isang tao upang makaunawa at makipagtalastasan (East Washington University, 2022). Sa bahaging ito, sinukat ng mga mananaliksik ang kasalukuyang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral batay sa *pre-test* ng *Phil-Iri* upang matamo ang unang layunin ng aksiyong-pananaliksik na ito. Makikita sa ibaba ang talahayanan ng mga iskor na nakuha ng 30 na mag-aaral mula sa eksperimental na grupo.

**Talahanayan 1**

*Antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa baitang 7 batay sa pre-test*

| **Eksperimental na Grupo** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Iskor** | Bilang | Bahagdan | *Grade Level Passage* | Antas |
| 14-20 | 0 | 0% | Grade 7 | *Independent* |
| 8-13 | 19 | 63.33% | Grade 5 | *Instructional* |
| 0-7 | 11 | 36.67% | Grade 4 | *Non-reader to Frustration* |
| **Kabuuan** | 30 | | | |
| ***Mean*** | 8.30 | | Grade 5 | *Instructional* |

Makikita sa *Talahanayan* 1 ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa Baitang 7 batay sa resulta ng *pre-test* gamit ang *20-item* na *Phil-IRI assessment tool*. Ang datos ay nagsasaad na walang mag-aaral (0) ang umabot sa antas ng *Grade 7* sa *pre-test*. Ipinapakita nito na walang mag-aaral ang may kasanayan sa pagbabasaat

pag-unawa na naaayon sa kanilang baitang. Labing-siyam (19) sa 30 mag-aaral ang may iskor na 8–13, na nangangahulugan nasa Baitang 5 sa antas ng pagbasa. Ipinapakita nito na karamihan sa mga mag-aaral ay may kakayahang pangkomprehensyon na nasa dalawang baitang na mas mababa kaysa sa kanilang kasalukuyang antas. Labing-isa (11) naman ang nakakuha ng iskor na 0-7, na tumutumbas sa antas ng Baitang 4. Sa kabuuan, ang *mean score* ng buong pangkat ay 8.30, na nagpapakita na ang pangkalahatang antas ng komprehensyon ng eksperimental na grupo ay tumutugma sa antas ng Baitang 5 na nangangahulugang nabibilang sila sa *Instructional Level*. Ang *Phil-IRI score-to-grade-level equivalency* ay ginamit upang maipakita ang kaugnayan ng iskor sa antas ng komprehensiyon. Ang iskor na 0–7 ay tumutugma sa tatlong antas na mas mababa (Baitang 4), ang iskor na 8–13 ay tumutugma sa dalawang antas na mas mababa (Baitang 5), at ang iskor na 14–20 ay tumutugma sa kasalukuyang antas ng mag-aaral (Baitang 7). Ginamit din ang *Phil-Iri comprehension level* sa pagtukoy sa kanilang antas ng komprehensiyon batay sa nakuhang iskor ng eksperimental na grupo.

Batay sa mga resulta, ipinapakita ng datos na walang mag-aaral ang nasa kasalukuyang antas ng komprehensyon (Baitang 7). Sa halip, 63.33% ng mga mag-aaral (19 sa 30) ang nasa antas ng komprehensyon ng Baitang 5, samantalang 36.67% (11 sa 30) ang nasa antas ng komprehensyon ng Baitang 4. Malinaw na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nangangailangan ng interbensyon upang mapunan ang kakulangan sa kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa at upang maitaas ang kanilang antas ng komprehensyon nang naaayon sa kanilang kasalukuyang baitang.

*4.2 Antas ng Komprehensiyon ng mga Mag-aaral batay sa Post-Test*

Sa bahaging ito naman, sinukat ng mga mananaliksik ang kasalukuyang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral batay sa *post-test* ng *Phil-Iri* pagkatapos isagawa ang mungkahing interbensiyon ng mga mananaliksik. Ito ay upang matamo ang ikalawang layunin ng aksiyong-pananaliksik na ito. Makikita sa ibaba ang talahayanan ng mga iskor na nakuha ng 30 na mag-aaral mula sa eksperimental na grupo sa isinagawang *post-test.*

**Talahanayan 2**

*Antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa baitang 7 batay sa post-test*

| | Eksperimental na Grupo | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Iskor** | Bilang | Bahagdan | *Grade Level Passage* | Antas |
| **14-20** | 17 | 56.67% | Grade 7 | *Independent* |
| **8-13** | 13 | 43.33% | Grade 5 | *Instructional* |
| **0-7** | 0 | 0% | Grade 4 | *Non-reader to Frustration* |
| **Kabuuan** | 30 | | | |
| ***Mean*** | 13.57 | | Grade 7 | *Independent* |

Makikita sa *Talahanayan 2* ang antas ng komprehensiyon ng tatlumpung mag-aaral (30) sa baitang 7 batay sa isinagawang *post-test*. Mayroong pitumpung (17) mag-aaral ang nakakuha ng pinakamataas na iskor na labing-apat hanggang dalawampu (14-20). Habang ang mga nakakuha sa sunod na iskor (8-19) ay nasa labing tatlong mag-aaral. Samantalang walang nakakuha sa natitirang mga iskor (0-7). Sa pangkalahatang iskor ng klase, nagtala naman ng mean score na 13.57 na tumutugma sa antas ng ikapitong baitang na nangangahulugang ang mga kalahok ay napabilang sa *Independent Level*. Ipinapakita nito na sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay may antas ng komprehensiyon na naaayon sa kanilang baitang. Ang resulta ng *post-test* ay nagpapakita na karamihan sa mga mag-aaral (56.67%) ay nakapasa sa antas komprehensiyon ng mga nasa baitang 7, samantala ang natitira (43.33%) ay nasa antas ng ikalimang baitang. Ang nakitang pag-angat sa iskor ay indikasyon na nakitaan ng positibong epekto ang paggamit ng Kolaboratibong-Resiprokal bilang interbensiyon sa pagpapaunlad sa komprehensiyon ng mga mag-aaral sa baitang 7.

*4.3 Makabuluhang Pagkakaiba ng Pre-Test at Post-Test*

Sa bahaging ito naman, makikita sa ibaba ang talakayan hinggil sa makabuluhang pagkakaiba ng mga iskor na nakuha ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo sa *Pre-Test* at *Post-Test* nito. Sumangguni ang mga

mananaliksik sa isang estadistiko upang matiyak ang kaibahan ng dalawang baryabol. Makikita sa ibaba ang talahanayan ng resulta ng *Paired Samples T-test.*

Ang resulta ng iskor ng mga mag-aaral mula sa isinagawang *Pre-Test* at *Post-Test* matapos ang *Paired Samples T-test*. Ang resulta ng *Pre-test* (M= 8.30, SD= 2.10) at *Post-test* matapos isagawa ang panukalang interbensiyon ng mga mananaliksik na Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensiyon sa Pagtuturo (M=13.57, SD= 1.99) ay mayroong makabuluhang pagkakaiba t(29) at p <.001. Nagpapatunay lamang ito na naging epektibo ang naturang interbensiyon sa pagpapataas ng antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

## 5. Pagtalakay

Lumabas sa resulta ng aksiyong-pananaliksik na ito na sa isinagawang pre-test ng mga mananaliksik ay hindi nagtutugma ang kasalukuyang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa eksperimental na grupo sa kanilang baitang. Sa nakuhang mean na 8.30 ng eksperimental na grupo, natuklasan ng mga mananaliksik na mas mababa ng dalawang lebel ang kasalukuyang antas ng mga kalahok (Baitang 5) at nabibilang sila sa Instructional na antas. Dagdag pa, walang mag-aaral sa eksperimental na grupo ang nabibilang sa Baitang 7 na lebel at Independent Level batay sa kanilang antas ng komprehensiyon. Nangangahulugan lamang ito na kinakailangan ng interbensiyon upang mas mapataas ang kanilang antas ng batayang kasanayan sa komprehensiyon.

Batay naman sa resulta ng pananaliksik nina Abaigar et al. (2024) na mayroong mababang antas ng kasanayan sa pabasa at komprehensiyon ang mga mag-aaral sa Filipino dahil sa mga salik tulad ng kawalan ng kaalaman at eksposyur sa wika at kasalatan sa interes sa pagbabasa. Ayon naman sa pag-aaral ni Pumahing (2024), nakadadagdag sa pagbaba ng antas sa komprehensiyon ng mga mag-aaral ang kanilang kawalan ng kahandaang matuto sa pormal na pagbasa. Lumabas din sa World Bank (2022) hinggil sa learning poverty, nasa 90 na bahagdan ng mga Pilipinong mag-aaral ang nahihirapan sa pagbasa at pag-intindi ng mga simpleng pangungusap sa Filipino.

Lumabas naman sa isinagawang post-test ng mga mananaliksik matapos ang implementasyon ng panukalang interbensiyon na "Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensiyon sa Pagtuturo" na nagkaroon ng pagbabago sa kanilang lebel o antas ng komprehensiyon. Sa kabuuang mean na 13.57, nangangahulugan lamang ito na ang mga mag-aaral ay nabilang na sa baitang 7 at independent level. Natuklasan ng mga mananaliksik ang malaking pagkakaiba ng iskor ng mga mag-aaral mula sa isinagawang pre-test at post-test bago at matapos isagawa ang panukalang interbensiyon. Mula sa nakuhang standard deviation sa pre-test na SD=2.10 at sa post-test naman na mayroong SD=1.99, nangangahulugan lamang ito na mas compressed at hindi nagkakalayo sa isa't isa ang iskor ng mga mag-aaral sa post-test kaysa sa pre-test.

Dagdag pa, nakitaan din ng pagbabago sa performans ng mga mag-aaral batay sa lingguhang pagtataya na isinagawa ng mga mananaliksik habang isinasagawa ang mungkahing interbensiyon. Mula sa 20 aytem na pagsusulit ay nakakakuha ng range of scores ang eksperimental na grupo ng 14-20 na nangangahulugang pasado batay sa grading matrix ng DepEd. Patunay lamang na mayroong pagbabago sa antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral matapos isagawa ang naturang interbensiyon. Ang resulta ng iskor ng mga mag-aaral mula sa isinagawang Pre-Test at Post-Test ay dumaan sa Paired Samples T-test upang masukat ang makabuluhang pagkakaiba ng dalawang baryabol. Ang resulta ng Pre-test (M= 8.30, SD= 2.10) at Post-test matapos isagawa ang panukalang interbensiyon ng mga mananaliksik na Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensiyon sa Pagtuturo (M=13.57, SD= 1.99) ay mayroong makabuluhang pagkakaiba t(29) at p <.001. Ibig sabihin nito na naging epektibo ang naturang interbensiyon sa pagpapataas ng antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

## 6. Kongklusyon at Rekomendasyon

### *6.1 Kongklusyon*

Nilayon ng aksiyong-pananaliksik na ito na masukat ang antas ng komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-

aaral sa baitang 7 bago at matapos isagawa ang panukalang interbensiyon batay sa *pre-test at post-test* ng *Phiippine Informal Reading Inventory.* Dagdag pa, nilayon din ng mga mananaliksik kung mayroong makabuluhang pagkakaiba ng dalawang baryabol upang masukat ang kabisaan ng naturang interbensiyon tungo sa pagpapataas ng antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa Filipino.

Batay sa resulta ng pananaliksik, lumabas na walang mag-aaral ang nasa kasalukuyang antas ng komprehensyon (Baitang 7) kung saan ang *mean score* ng buong pangkat ay 8.3, na nagpapakita na ang pangkalahatang antas ng komprehensyon ng grupo ay tumutugma sa antas ng Baitang 5. Matapos isagawa ang interbensiyon, natamo ng mga mag-aaral ang inaasahang antas ng komprehensiyon (Baitang 7) na mayroong *mean score* na 13.57. Matapos maisagawa ang interbensiyon, nakita na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang resulta ng *pre-test* at *post-test*.

*6.2 Rekomendasyon*

Batay sa resulta ng interbensiyon, inirerekomenda ng mga mananaliksik ang sumusunod Bago magsimula ang klase, magsagawa ng unang pagpapabasa sa tekstong may kaugnayan sa paksang tatalakayin at pagkatapos ay maglaan ng oras na ipaliwanag ng mga bata kanilang nauunawaan sa binasang teksto. Nirerekomenda ng mga mananaliksik na Ppagkatapos ng talakayan ay magsagawa ng pagsusuri batay sa paliwanag na nabuo bago ang klase. Sa ganitong paraan ay malalaman nila kung wasto ang kanilang naunawaan o hindi.Maaari ring gumawa ng alternatibong paraan tulad ng pagbuo ng basa't suri kung saan, ang mga bata may magbabasa at magpapaliwanag ng kanilang naunawaan. Inirerekomenda rin ang paggamit ng Kolaboratibong-Resiprokal na Interbensiyon sa Pagtuturo sa pagpapataas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral hindi lamang sa mga mag-aaral sa baitang 7 kundi pati rin sa ibang baitang.

*6.3 Implikasyon at Limitasyon*

Batay sa resulta ng aksiyong-pananaliksik, lumabas na naging epektibo ang panukalang interbensiyon ng mga mananaliksik na pataasin ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa Filipino na nabibilang sa baitang 7. Nangangahulugan lamang ito na ang naturang interbensiyon ay angkop na gamitin sa klasrum upang mapaunlad ang batayang kasanayan sa komprehensiyon. Subalit, saklaw lamang nito ang pagpapataas ng antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral. Hindi na saklaw ng interbensiyon ang pagpapaunlad ng ibang kasanayan tulad ng pagsulat, bokabolaryo at pagsasalita. Dagdag pa, hindi rin naging komprehensibo ang implementasyon dahil sa mga salik tulad ng limitadong oras sa klase, partisipasyon ng mga mag-aaral at timeline ng implementasyon ng aksiyong-pananaliksik.

## 7. Sanggunian


Abaigar, B., Galit, G., & Balderian, A. (2024). Eksploratoring pagsusuri sa kakayahan at salik na nakaaapekto sa komprehensiyon sa pagbasa sa filipino. *International Journal for Multidisciplinary Research*. https://doi.org/10.5281/zenodo.12216681

Austria, J., Atiga, C., Rico. L., & Cablao. J. (2024). Kabisaan ng Feynman Technique sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino.

Ballinger, S.G. (2013). Towards a cross-linguistic pedagogy: biliteracy and reciprocal learning strategies in French Immersion. J. Immers. Content-Based Lang. https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC10372393/

Byjus. (n.d.). *Mean*. Byjus Publication.

Carretero, A. (2020). Learn anything in 4 steps with the *Feynman Technique*. Kindle Edition.

Cook, T. & Campbell, D. (1979). Quasi-Experimental Design. Proceedings of the Survey Research Methods Section.

Csi. (7 March 2022). The *Feynman Technique* – the best learning method you've never heard of before. Computer Systems Institute.

DepEd. (2011). Every Child a Reader Program. Official Gazette of the Philippines.

DepEd. (2013). K-12 Basic Education Program. Official Gazette of the Philippines.

DepEd. (2018). Revised Philippine Informal Reading Inventory. TeacherPH.

DepEd. (2023). National Reading Program. Official Gazette of the Philippines.

DepEd. (2024). Catch-up Fridays Program. Official Gazette of the Philippines.

East Washington University. (2022). The Impact of Reading Comprehension on Learning. East Washington University.

Falcione, S., Munsterman, D., Joy, T., Kamtchum-Tatuene, J., Sykes, G., & Jickling, G. (2022). Association of Thrombin Generation with Leukocyte Inflammatory Profile in patients with Acute ischemic stroke. Neurology, 99(13), e1356-e1363.

Fosnot, C. T. (1989). Enquiring Teachers, Enquiring Learners: A Constructivist Approach to Teaching.

Hase, Stewart & Kenyon, Chris. (2007). Heutagogy: A Child of Complexity Theory. Graduate College of Management Papers. 4. 10.29173/cmplct8766.

Kondrat. S. (2024). 0 Main Benefits of Collaborative Learning. Educate Me.

Manoharan, A. & Ramachandran, S. (2023). Enhancing Reading Comprehension Skills of Prospective Teachers Using Suitable Reading Strategies. Journal of Language Teaching and Research. 14 (1). https://doi.org/10.17507/jltr.1401.06

Philstar (2024). With students' poor literacy, are all teachers now 'reading teachers'? Philstar global.

PISA (2022). PISA 2022 Results (Volume 1). Organization for Cooperation and Development.

Pumahing, J. (2024). Kasanayang Pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research. https://doi.org/10.17613/ybza-fy59

Reyes, E.P., Blanco, R.M.F.L, Doroon, D.R.L.,Limana, J.L.B., and Torcende, A.M.A. (2021). Feynman Technique as a Heutagogical Learning Strategy for Independent and Remote Learning. Recoletos Multidisciplinary Research Journal, 9(2). doi:10.32871/rmrj2109.02.06.

Shabani, et al. (2010) Vygotsky's Zone of Proximal Development: Instructional Implications and Teachers' Professional Development. Canadian Center of Science and Education 3 (4).

Stricklin, K. (2011). Hands-on reciprocal teaching: A comprehension technique. The Reading Teacher, 64(8), 620-625.

Voyager Sopris Learning. (2023). Comprehension: Defining the Key to Understanding. Voyager Sopris Learning.

World Bank (2022). Philippines Learning Poverty Brief. EduAnalytics.